NEW MUSLIM
ACADEMY



# Palestina

## Ang Pinagpalang Lupain - Nakalipas, Kasalukuyan at Hinaharap

“Itinalaga ng Allah ang ilang mga lugar bilang mga banal na lugar upang sambahin Siya ng mga tao dito at parangalan sila.” [28:68] Ang pagtatalagang ito ay hindi makatwiran, sa halip ito ay Banal na Kapasyahan ng Nag-iisang Tunay na Diyos.  Dapat igalang ng nga tao ang mga pinili ng Allah bilang mga natatangi at sagrado. “Iyan nga [iyon]. At sinuman ang dumakila sa mga sagisag [o ritwal] ng Allah, katotohanan, ito ay nagmula sa kabanalan [o kalinisan] ng mga puso.” [22:32]



# Palestina

Ang Palestina ay bahagi ng Banal na Lupain, ang pinagpalang lugar na nakapalibot sa Masjid Al-Aqsa, ang Karagdagang Moske, na siyang ikatlong pinakabanal na lugar sa mundo. Ang lugar na ito ay natatangi at mahalaga sa Islam, dahil binanggit ito ng Allah sa Qur'an sa maraming bahagi. "Luwalhati sa Kanya na Siyang nagpalakbay sa Kanyang alipin [si Propeta Muhammad (SAWS)] sa gabi mula sa Masjid Al-Haram [sa Makkah] patungong Masjid Al-Aqsa [sa Herusalem], na ang mga kapaligiran nito ay Aming pinagpala, upang Aming ipakita sa kanya ang Aming mga ayaat [palatandaan]. Katotohanan, Siya ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na Nakakakita." [17:1] "Matapos ang Exodo [pag-alis] ay inutusan ng Allah ang Kanyang Sugo na si Moses (AS) at kasama ang mga mananampalataya na makapasok sa lupaing ito at tinukoy ito bilang Banal na Lupain." [5:21]

Ang heyograpikong lugar na ito ay kilala bilang Levant, at kabilang ang mga modernong bansa ng Palestina, Syria, Jordan, at Lebanon. Ang sentro nito ay ang Masjid Al-Aqsa, ang Karagdagang Moske, na matatagpuan sa Herusalem.



# Ang Lupain ng mga Sugo ng Allah

Ang Masjid Al-Aqsa at ang mga nakapaligid na lugar ay ang lupain ng mga Sugo ng Allah. Marami sa mga tao ng Allah ang nanirahan sa pinagpalang bahaging ito ng mundo. Si Propeta Abraham (AS) ay lumipat mula sa kanyang lupain at itinayo dito ang isang tahanan para sa bahagi ng kanyang pamilya, sa pagsunod sa kautusan ng Allah. Ang kanyang unang anak na si Propeta Ishmael (AS) ay nanirahan sa Makkah sa bansang Arabya. Ang kanyang pangalawang anak, si Propeta Isaac (AS), ay nanirahan dito, sinundan ni Propeta Jacob (AS) at kanyang pamilya. Mula sa lupaing ito na ang anak ni Propeta Jacob (AS), ay dinala sa Ehipto bilang isang alipin. Si Propeta Lot (AS) ay lumipat rin sa lupaing ito gaya ng sinabi ng Allah tungkol sa kanya at kay Propeta Abraham (AS). "At siya ay Aming iniligtas [si Abraham] at si Lot patungo sa lupain na Aming pinagpala para sa Alamin [para sa lahat ng mga nilikha]." [21:71]


# Ang Lupain ng mga Sugo ng Allah

Ang lugar na ito ay kung saan sinikap ni Propeta Moses (AS) nq ibalik ang kanyang mga tao, “Sinabi ni Propeta Moses (AS), ‘O aking mga mamamayan, magsipasok kayo sa Banal na lupain [ng bayan ng Palestina] na itinagubilin ng Allah para sa inyo at huwag kayong magsisistalikod [sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah], magkagayon kayo ay magsisistalikod bilang mga talunan.” [5:21] Ang mga kaharian nina Propeta David at Solomon (AS) ay nakabatay dito. Si Propeta Zachariah, John, si Hesus (AS) at kanyang ina na si Maria ay nagmula sa bahaging ito ng mundo. Kaya, ang Masjid at ang nakapaligid na lugar ay pinagpala ng Allah, gaya ng binanggit sa kabanata 17:1. Inaangkin ng mga Muslim ang lahat ng mga naunang Sugo ng Allah bilang kanila. Iginagalang ng mga Muslim ang mga Sugo ng Allah at sumusunod sa kanilang mga yapak. Bahagi ng paggalang sa mga Sugo ng Allah ay ang paggalang sa lupaing kanilang tinitirhan, nangaral at sumamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Ito ang dahilan kung bakit ang lupaing ito ay napakahalaga sa mga Muslim.

# Si Propeta Muhammad (SAWS) at ang Masjid Al-Aqsa

Humigit-kumulang sampung taon sa pamamahala ni Propeta Muhammad (SAWS), ay dinala siya ng Allah sa isang natatangi at mahimalang gabi ng paglalakbay. Sa isang gabi, siya ay dinala mula sa Makkah tungo sa Herusalem kasama ang Anghel na si Gabriel, at pagkatapos mula doon tungo sa langit, upang makipag-usap ng direkta sa Allah.  Ang paglalakbay na ito ay ang tinutukoy sa 17:1, "Luwalhati sa Kanya na Siyang nagpalakbay sa Kanyang alipin [si Propeta Muhammad (SAWS)] sa gabi mula sa Masjid Al-Haram [sa Makkah] patungong Masjid Al-Aqsa [sa Herusalem], na ang mga kapaligiran nito ay Aming pinagpala, upang Aming ipakita sa kanya ang Aming mga ayaat [palatandaan]. Katotohanan, Siya ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na Nakakakita." Ang paglalakbay na ito ay tinutukoy din sa kabanata 53:13-18.






Sa loob ng Masjid ng Herusalem,  si Propeta Muhammad (SAWS) ay binigyan ng isang natatanging gawain na pamunuan ang lahat ng mga naunang Sugo ng Allah sa isang panalangin. Matapos ng natatanging parangal na ito, siya ay kinuha ng Anghel na si Gabriel  mula sa Masjid Al-Aqsa, at inakyat sa langit. Dumaan sila sa bawat palapag ng pitong kalangitan, nakipagpulong at nakipag-usap sa ilang bilang ng mga Sugo ng Allah sa daan, kabilang sina Propeta Adam, Moses, Hesus at Abraham (sumakanila nawa ang kapayapaan). Ang kasukdulan ng paglalakbay ay noong si Propeta Muhammad (SAWS) ay pinagkalooban  ng pakikinig mismo ng Allah. Dito, ay inutusan ng Allah si Propeta Muhammad (SAWS) na turuan ang nga tao na magsagawa ng limang beses na pang-araw-araw na panalangin, habang ang gantimpala sa mga ito ay limampu. Pagkatapos nitong kamangha-mangha at pambihirang karanasan,  si Propeta Muhammad (SAWS) ay bumalik sa Makkah.

# Ang Masjid Al-Aqsa sa Herusalem: Mga Kahalagahan at

Si Propeta Muhammad (SAWS) ay tinanong ng kanyang mga alagad kung ano ang unang Masjid na itinayo sa mundo para sa pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Sumagot siya na ito ay ang Sagradong Masjid sa Makkah. Pagkatapos ay kanyang tinanong kung ano ang Masjid na sumunod. Sumagot si Propeta Muhammad (SAWS) na ito ay ang Karagdagang Masjid sa sa Herusalem. Pagkatapos ay kanyang tinanong kung ilang taon ang pagitan ng pagtatayo ng dalawang Masjid. Sumagot si Propeta Muhammad (SAWS) na ito ay 40 taon.

Sa nakaraang Elektronikong Libro ay tinalakay natin ang kahalagahan ng Ka'ba. Ito ang unang Tahanan ng Pagsamba na itinalaga sa Nag-iisang Tunay na Diyos sa mundo 3:96. Ang mga pundasyon nito ay itinayo ng mga Anghel ng Allah at nang unang tao na si Adan (AS). Pagkatapos ito ay muling itinayo ni Propeta Abraham (AS) at ng kanyang anak na si Propeta Ishmael (AS) 2:127.

Ang Masjid Al-Aqsa sa Herusalem ay ang pangalawang Tahanan ng Pagsamba na itinalaga sa Nag-iisang Tunay na Diyos sa mundo. Ang mga pundasyon nito ay itinayo ng mga Anghel ng Allah, o ni Adan (AS) ang unang tao at nang kanyang mga inapo. Ito rin ay muling itinayo ni Propeta Abraham (AS). Pagkaraan ito ay muling itinayo ni Propeta Solomon (AS). Sa loob ng gusali o Masjid ay nakatayo ang orihinal na direksyon ng panalangin na kung saan ang mga Sugo ng Allah at kanilang mga tagasunod ay humaharap sa pagsamba.  Ito ay nasa ilalim ng Simboryong Bato.



Sinabi ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang pag-aalay ng mga panalangin sa Masjid Al-Aqsa sa Herusalem ay magpaparami ng gantimpala ng isang tao sa 500. Ang gantimpala sa pagsasagawa ng panalangin (Salah) sa Masjid ng Sugo (SAWS) sa Madina ay pinarami ng 1000. Ang gantimpala sa pagsasagawa ng panalangin o Salah sa Sagradong Masjid sa Makkah ay pinarami ng 100,000. Ang tatlong mga lugar na ito ay ang pinakabanal na lugar sa mundo at ang tanging mga lokasyon kung saan pumupunta ang mga Muslim para sa peregrinasyon. Ito ang dahilan kung bakit nananabik ang mga Muslim na bisitahin ang tatlong lugar na ito at sambahin ang Allah dito.

Sa pagsisimula ng paglilingkod ni Propeta Muhammad (SAWS), siya ay inutusang magsagawa ng itinakdang mga ritwal na debosyon o panalangin  dalawang beses sa isang araw sa umaga at sa gabi. Ang utos ay humarap sa Herusalem dahil ito ang kaugalian ng mga naunang Sugo ng Allah.  Ang mga unang yumakap sa Islam ay humaharap sa Herusalem para sa kanilang mga panalangin mula sa pagsisismula ng paglilingkod ni Propeta Muhammad (SAWS) sa panahon ng Makkah, at sa loob ng halos dalawang taon ng panahon ng Madinah, sa loob ng 15 taon. Pagkatapos ay inutusan ng Allah si Propeta Muhammad (SAWS) at ang mga mananampalataya na humarap sa Makkah bilang pagsubok sa paniniwala 2:143-144

# Pinamumunuan ng mga Muslim ang Herusalem

Matapos ang pagpanaw ni Propeta Muhammad (SAWS), ang kanyang mga alagad ay naatasang ipalaganap ang kanyang mensahe sa mundo at tinanggap nila ang mahalagang gawaing ito. Sinakop ng mga Muslim ang Herusalem noong 636 sa panahon ni Kalipa Omar (kalugdan nawa siya ng Allah) ilang sandali matapos ang pagpanaw ni Propeta Muhammad (SAWS), ang huling Sugo ng Allah. Ang Aqsa ay tumutukoy sa buong lugar, kung saan kabilang ang maraming mga istraktura, mga Masjid, at ang Simboryong Bato. Ang Masjid Qibli sa lugar ay itinayo ni Omar (kalugdan nawa siya ng Allah). Ang Simboryong Bato ay itinayo noong 715 at tumatakip sa isang bato na siyang orihinal na direksyon ng panalangin ng mga Sugo at kanilang mga tagasunod na humaharap sa panalangin.  Mula noon ay pinanatili ng mga Muslim ang pamamahala sa Herusalem at pinahintulutan ang iba, (i.e. Mga Hudyo ay Kristiyano), na sambahin ang Allah sa Banal na Lupain. Sa panahon ng mga kilusan ay nagkaroon ng pansamantalang pagkawala ng Herusalem, subali't ang lugar ay ibinalik sa mga Muslim. Sa huling 100 taon, dahil sa kolonyalismo ng Britanya, na sinundan ng pagtatatag ng Kolonyal na Pandayuhang Imperyal ng Zionistang estado, ang lugar ay nasa krisis. Ang ilegal o hindi makatarungang pananakop ng Zionistang sundalo ay direktang responsable para sa malawakang pagpatay  at pagpapaalis sa milyun-milyong lokal na mga Muslim at mga Kristiyanong Palestino sa huling 75 taon.

# Ang Pagbabalik ni Hesus (AS)

Ang mga Muslim ay naniniwala na si Hesus (AS) ay hindi ipinako sa krus, nguni't sa halip ay itinaas nang Allah sa langit. Sinabi ng Allah sa Banal na Qur'an, "Isinumpa ko sila para sa kanilang pagsasabi [ng may pagyayabang], nguni't walang katotohanan, sinabi, 'Tunay na aming pinatay ang Mesiyas, si Hesus (AS), ang anak ni Maria, ang Sugo ng Allah.' Datapwa't siya ay hindi nila nagawang patayin, at siya ay hindi nila nagawang ipako sa krus' bagkus, [may iba] na ginawa upang kanyang makawangis sa kanilang [paningin]. At kayo, yaong mga nagkaiba-iba rito ay may agam-agam tungkol [sa naganap] dito. Sila ay walang [tamang] kaalaman maliban sa pagsunod sa pag-aakala lamang. At siya ay hindi nila nagawang patayin para sa katiyakan [ng kanyang pagkakilanlan]. Bagkus, [ang katotohanan nito] siya [si Hesus] at itinaas ng Allah patungo sa Kanyang Sarili. At ang Allah ay Lagi nang ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan. At walang isa man mula sa mga Angkan ng Kasulatan [Hudyo at Kristiyano] maliban na sila ay nararapat na maniwala sa kanya [kay Hesus (AS)] bago [sumapit kay Hesus] ang kanyang kamatayan. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, siya ay magiging saksi laban sa kanila." [4: 157-159]





Ito ay sa lugar ng Masjid Al-Aqsa sa Herusalem kung saan si Hesus ay nanirahan, binuhay, at bababang muli. Ang mga Muslim ay naniniwala na patungo sa katapusan ng panahon kapag ang Huwad na Mesiyas, antikristo, ay lilitaw na nagsasabing siya ay Diyos, at maraming tao ang susunod sa kanya,  ang mga mananampalataya ay mananatiling matatag sa kanilang paniniwala at sa kalaunan ay magtitipon sa Banal na Lupain sa loob at paligid ng Masjid Al-Aqsa. Bago ang isang malaking labanan sa pagitan ng mga tapat at ng mga hukbo ng Huwad na Mesiyas, si Hesus (AS) ay bababa sa lugar. Si Hesus (AS) ay makikipaglaban at papatayin ang Huwad na Mesiyas at tatalunin ang kanyang mga hukbo ng katiwalian.

Ang Masjid Al-Aqsa ay espesyal para sa mga Muslim. Ito ay bahagi ng kasaysayan at paniniwala sa Islam. Ito ay gumaganap ng isang pangunahing papel sa mga kuwento ng maraming mga Sugo ng Allah at binanggit ng maraming beses sa Qur'an. Ito rin ay direktang nakaugnay kay Propeta Muhammad (SAWS).


SCAN ME